

# Gabay para sa pagsasanay ng Community Interpreter ng lungsod ng Inuyama

## Kami ay nangangailangan ng Community Interpreter ngayon

Sa lungsod ng Inuyama, mayroong serbisyo ng interpreter at translator na siyang tinatawag na Community Interpreter. Ang sistemang ito ay itinatag para tumulong sa mga banyaga na naninirahan sa lungsod na may suliranin sa wikang Nihongo sa kanilang pagbisita sa munisipyo, health center, paaralan o anumang pasilidad sa lungsod. Sa sistemang ito ay may mga interpreter na tutulong para sa maayos na pakikipag-usap at pagtanggap ng pampublikong serbisyo.

Ngayon, upang matugunan ang pangangailangan ng dumaraming banyagang naninirahan sa lungsod, ang Inuyama ay maglulunsad ng Training Course para sa mga community interpreter. Ang mga aplikante ay kikilalaning Community Interpreter (Community Tsuuyakusha) kung maipapasa nila ang pagsusulit (written test at role playing) pagkatapos ng pagsasanay. Marubdob ang pangangailangan lalo na ang interpreter sa wikang Vietnamese dahil sa malaking kakulangan nito. Para sa mga nagnanais sumailalim sa pagsasanay na ito, malugod namin kayong iniimbitahan at inaasahan namin ang inyong pagdalo.

### Layunin

Sa pamamagitan ng lecture ng mga eksperto sa larangang ito, ating mapapaunlad ang kaalaman at kakayahan sa interpretasyon na siya nating magagamit sa iba't-ibang aspeto at lugar, na siya ring magpapaunlad ng ating kakayahan bilang Community Interpreter.

Ang pabuya sa serbisyo ng interpreter:

Ang halaga nito, 2,000 yen + pamasaha/ 1 beses.

Kapag lumagpas sa 2 oras, ang bawat karagdagang 1 oras ay may pabuyang 1,000 yen. Bilang alituntunin naman, 5 yen/ 1 karakter ang kabayaran sa translator.

Ang mga maaring lumahok      Ang mga angkop sa kondisyon na nakasaad sa ibaba.

- ★ Ang mga nakakaunawa nang lubos sa layunin ng Community Interpreter Training Course.
- ★ Ang mga may pagkukusa sa pakikiisa sa mga trabaho o atas bilang interpreter at translator ng lungsod ng Inuyama.

★ Ang mga nakakaunawa sa layunin ng bawat atas o trabaho, marunong tumupad sa pangako at oras, may pagkukusang maki isa at makisalamuha sa ibang partisipante ng training course.

★ Ang masigasig na makakadalo sa iskedyul ng lecture (6 na beses lahat) hanggang matapos ito. (kahit na lumiban sa pagsasanay dahil sa hindi maiwasang dahilan subalit pumasa sa pagsusulit, kayo ay ituturing pa rin na community tsuuyaku.)

★ 16 anyos pataas ang edad.

★ Ang mahusay hindi lamang sa wikang Nihongo kundi pati na rin sa isa pang wika mula sa nakalista sa ibaba.

Vietnamese, Espanyol, Portuges, Intsik, Tagalog, Ingles, at iba pang wika.

※ Malugod naming iniimbitahan ang mga interpreter na maluwag ang oras sa ordinaryong araw para sa mga administratibong serbisyo sa munisipyo.

※ Para sa mga nagnanais maki isa sa aktibidad bilang interpreter, kinakailangan ang kakayahang makipag-ugnayan sa wikang Nihongo sa pamamagitan ng E-mail.

Bayad: Participation Fee 500 yen (kasama na ang materyales para sa 6 na beses na lecture)

Oras: Alas-9:00 ng umaga~ alas-4:00 ng hapon

Lugar: Inuyama Kokusai Kankou Center Froide 2F, Kaigi-shitsu 1 (International Tourism Center Froide, Conference Room 1) o kaya naman ay sa 3F, Kenshuu-shitsu 1 at 2, (training room 1 at 2).

Durasyon ng aplikasyon: July 4, 2018; Miyerkules~ July 20, 2018; Biyernes

Bilang ng partisipante: 35 katao

【 Kung marami ang magiging aplikante, mamimili ang aming tanggapan mula sa mga nagpalista】

Iskedyul (Tingnan ang summary para rito)

Ika-1	July 29, 2018	Linggo
Ika-2	August 5, 2018	Linggo
Ika-3	August 19, 2018	Linggo
Ika-4	September 9, 2018	Linggo
Ika-5	September 23, 2018	Linggo
Ika-6	September 30, 2018	Linggo

## Paraan ng aplikasyon

Punan ang Community Interpreter Training Course Application Form at isulat ang inyong shibou douki (layunin ng aplikasyon), isumite ito nang direkta o sa pamamagitan ng FAX, koreo, o e-mail sa mga adres at numerong nakasaad sa ibaba.

Ang application form ay maaaring mai-download mula sa Inuyama homepage (shimin benrichou) → moushikomisho download o kaya naman ay mula sa Inuyama Kokusai Kouryuu Kyoukai (Inuyama International Association) homepage. (Para sa mga hindi makapag-download, tumawag lamang sa numero sa ibaba at papadalhan namin kayo ng application form).

Makikita rin ang mga application form sa Inuyama Kokusai Kankou Center Froide, Inuyama Municipal Hall (3F Tourism Echange Division, 1F information counter).

## Dapat pakatandaan

- ① Ang lecture ay isasagawa sa wikang Nihongo.
- ② Ang halaga ng partisipasyon ay para sa 6 na beses na lecture. Hindi na ito mababawi kahit hindi ninyo ito matapos.
- ③ Maaaring magbago ang mga lecturer at nilalaman ng lecture anumang oras.
- ④ Magbaon ng sariling pananghalian o obentou.

## Para sa mga katanungan:

Inuyama Kokusai Kouryuu Kyoukai (Inuyama International Association),  
alas-9:00~alas 5:00, sarado ng Sabado, Linggo, Piyesta Opisyal,  
ika-2 at ika-4 na Lunes.

〒484-0086 Inuyama-shi, Matsumoto-cho, 4-chome 21 ban-chi

Inuyama Kokusai Kankou Center Froide, 1F

TEL:0568-61-1000 FAX:0568-63-0156

E-mail: [iia@grace.ocn.ne.jp](mailto:iia@grace.ocn.ne.jp) URL:<http://iiea.info>

主催：犬山市 / 主管：犬山国際交流協会

# Pangkalahatang ideya ng kurso sa pagsasanay para sa Community Interpreter

## Community Interpreter Training Course Summary

Ika-1	<p><b>July 29, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Inuyama City Community Interpreter Training Course Orientation</b></p> <p>■ <b>Basic lecture 1    Instructor: Bb. Mizuno Makiko</b>  <b>–Propesor sa Kinjou Gakuin University</b></p> <p>(1) Katayuan ng mga banyagang residente (buong bansa, prepektura, lungsod)</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Suliranin ng mga banyagang residente, Pilosopiya ng Multicultural Exchange</li> <li>• Batayan, kahulugan, katangian ng Community Interpreter</li> </ul> <p>(2) Ang kaalaman at moral ng Community Interpreter</p>
Ika-2	<p><b>August 5, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Basic lecture 2    Instructor: Bb. Mizuno Makiko</b>  – Propesor ng Kinjou Gakuin University</p> <p><b>Interpreter Skills–</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>① Paglinang ng memorya, konsentrasyon, site translation</li> <li>② Note taking at tuloy-tuloy na interpretasyon</li> </ul>
Ika-3	<p><b>August 19, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Iba pang kategorya lecture 1</b>  Ang trabaho sa administrative counter–  Tax Division, Finance Management, Disaster Safety Division, Longlife Society  Division, Citizens Division, School Education Division</p>
Ika-4	<p><b>September 9, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Iba pang kategorya lecture 2</b>  Ang trabaho sa administrative counter–  Tourism Echange Division, Health Promotion Division, Insurance &amp; pension Division,  Childrens Welfare Division, Welfare Division</p>
Ika-5	<p><b>September 23, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Translation lecture</b>  Pangunahing kaalaman sa translation, translation ng iba`t-ibang paksa at  kategorya</p> <p>■ <b>Pagsasagawa ng role play</b></p>
Ika-6	<p><b>September 30, 2018    Linggo</b></p> <p>■ <b>Pagsusulit (written test, role play test)</b></p>